

Q1: Sino ang maaaring magparehistro?

Q2: Bakit ako dapat magparehistro?

Q3: Paano ako magpaparehistro bilang botante?

Q4: Kung isa akong rehistradong botante, paano ko iuulat ang pagbabago ng aking mga detalye sa pagpaparehistro, tulad ng rehistradong address, pangalan, email address at kontak na numero sa telepono?

Q5: Mayroon bang mga nakatakdang huling araw at oras para sa mga pagpaparehistro ng bagong botante at pagbabago ng mga detalye sa pagpaparehistro?

Q6: Nararapat ba akong bumoto agad pagkatapos magsumite ng aplikasyon para sa pagpaparehistro bilang bagong botante? / Karapat-dapat ba akong bumoto agad sa bagong nasasakupang lugar at sa bagong istasyon ng botohan matapos kong mag-ulat ng pagbabago sa rehistradong address?

Q7: Ano ang mga pagkakaiba sa pagitan ng mga form ng rehistrasyon sa botante ng nasasakupang heograpiya na REO-1 at REO-2? Aling form ang dapat kong gamitin?

Q8: Pinunan ko ang isang form ng aplikasyon ilang taon na ang nakalilipas. Kailangan ko bang magparehistro muli?

Q9: Kaka-18 ko pa lamang sa pagtatapos ng Hulyo 2021 ngunit ang nakatakdang araw ng pagpaparehistro ay sa 2 Mayo 2021. Maaari ba akong magparehistro ngayon bilang isang botante?

Q10: Lilipat ako sa isang bagong apartment sa hinaharap, dapat ko bang iulat ngayon ang aking bagong address ng tahanan sa Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto?

Q11: Ano ang mga uri ng dokumento ang tinatanggap bilang mga patunay ng address?

Q12: Kung hindi ako makakapagbigay ng mga dokumento na naka pangalan sa akin at address ng tirahan bilang patunay ng address, anong mga alternatibong dokumento ang maaaring isumite upang magsilbing wastong patunay ng address?

Q13: Kung ang aking bagong bahay ay isang apartment sa pampublikong paupahang pabahay sa ilalim ng Housing Department o subsidisado na pabahay sa ilalim ng Hong Kong Housing Society, maaari ba akong hindi mapailalim sa kinakailangang makapagbigay ng patunay ng address ng tirahan kapag nag-a-apply ako para sa pagbabago ng address?

Q14: Kung may kilala akong tao na nagbibigay ng maling impormasyon para sa pagpaparehistro ng botante, paano ko ito maipagbibigay-alam sa mga kagawaran ng gobyerno?

Q15: Kung ang isang tao ay nagbibigay ng maling address ng tirahan sa Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto para sa pagpaparehistro ng botante, o nagbibigay ng mapanlinlang na patunay na dokumento kapag nag-aaplay para sa pagbabago ng rehistradong address, at bumoto pa din sa isang halalan, aling batas ang nilalabag niya?

Q16: Kakarating ko pa lamang mula sa Mainland. Maaari ba akong magparehistro bilang botante?

Q17: Paano ko malalaman na ang aking mga rekord ay naipasok nang tama sa rehistro ng mga botante?

Q18: Mayroon bang mga proteksyon laban sa posibleng pag-abuso sa aking personal na impormasyon?

Q19: Nagsumite ako ng aplikasyon para sa pagrehistro ng bagong botante / pagbabago ng mga detalye sa pagpaparehistro. Paano ko malalaman kung naiproseso ng Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto ang aking aplikasyon?

Q20: Aling kagawaran ang dapat kong lapitan para sa tulong kung mayroon akong karagdagang katanungan sa pagpaparehistro ng botante?

Q1: Sino ang maaaring magparehistro?

A1: Kung ikaw ay isang permanenteng residente ng Hong Kong na may edad 18 pataas, at karaniwang naninirahan sa Hong Kong, karapat-dapat kang magpa-rehistro bilang isang botante sa nasasakupang heograpiya.

[Bumalik sa itaas](#)

Q2: Bakit ako dapat magparehistro?

A2: Matapos mong magparehistro bilang botante maaari mong gamitin ang iyong karapatang bumoto sa Legislative Council at District Council elections. Karapatan mong iboto ang iyong kinatawan na mauupo sa mga samahang ito. Kung karapat-dapat kang bumoto sa mga napapailalim na sektor ng Komite sa Eleksyon, kailangan mo ring magparehistro bilang botante bago ka makaboto sa halalan.

[Bumalik sa itaas](#)

Q3: Paano ako magpaparehistro bilang botante?

A3: Kung hindi ka isang rehistradong botante at nais mong magparehistro sa isang nasasakupang heograpiya, dapat mong kumpletuhin ang form ng aplikasyon na "Aplikasyon para sa Pagpaparehistro ng Bagong Botante (Mga Nasasakupang Heograpiya)" (REO-1).

- Makakakuha ka ng "Aplikasyon para sa Pagpaparehistro ng Bagong Botante (Mga Nasasakupang Heograpiya)" (REO-1) sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan-
  - sa pamamagitan ng [pag-download](#) mula sa website na ito;
  - sa pamamagitan ng fax sa pagtawag sa hotline na 2891 1001; at
  - sa mga Opisina ng Distrito, mga tanggapan ng pamamahala ng mga estado sa pampublikong pabahay at sa Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto.

Mga Address ng Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto:

10/F Harbour Centre

25 Harbour Road

Wan Chai

Hong Kong

13/F Kowloonbay International Trade & Exhibition Centre

1 Trademart Drive

Kowloon Bay

Kowloon

Matapos kumpletuhin at lagdaan ang form ng aplikasyon, maaari mong isumite ang form sa koreo, fax (numero ng fax: 2891 1180) o i-email (email address: form@reo.gov.hk) sa Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto, o i-upload ang form (at patunay ng address kung naaangkop) sa Online Upload Platform ng Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto ([www.reo-form.gov.hk](http://www.reo-form.gov.hk)).

Kung mayroon kang wastong sertipikong digital na inisyu ng Hongkong Post o Digi-Sign Certification Services Limited (mangyaring mag-tungo [dito](#) para sa mga detalye), maaari ka ring magsumite ng aplikasyon online sa pamamagitan ng [Aplikasyon ng Pagpaparehistro ng Botante sa GovHK](#).

Kung nais mong magsumite ng form ng aplikasyon sa pagpaparehistro ng botante gamit ang elektronikong pamamaraan, mangyaring tandaan ang "Mga Tinalang Gabay sa Pagsumite ng Aplikasyon ng Rehistro gamit ang Digital Files" (*na mayroong hyperlink sa [https://www.reo.gov.hk/pdf/form/Guidance\\_Notes\\_for\\_Electronic\\_Submission\(Eng\).pdf](https://www.reo.gov.hk/pdf/form/Guidance_Notes_for_Electronic_Submission(Eng).pdf)*)

Upang magparehistro bilang botante ng nasasakupan at botante sa napapailalim na sektor ng Komite sa Eleksyon, mangyaring mag-tungo [dito](#).

[Bumalik sa itaas](#)

Q4: Kung isa akong rehistradong botante, paano ko iuulat ang pagbabago ng aking mga detalye sa pagpaparehistro, tulad ng rehistradong address, pangalan, email address at kontak na numero sa telepono?

A4: Kung ikaw ay isang rehistradong botante at nais mong iulat ang pagbabago ng mga detalye sa pagpaparehistro, dapat mong kumpletuhin ang form ng aplikasyon na "Ulat sa Pagbabago ng Mga Detalye ng Botante sa Nasasakupang Heograpiya" (REO-2).

Paunawa: Alinsunod sa naaangkop na lehislatibong pangangailangan, ang mga aplikasyon para sa pagbabago ng rehistradong address ay dapat mayroong kasamang patunay ng address. Maaari kang sumangguni mula sa A11 hanggang A13 para sa mga maaring tanggapin na uri ng patunay ng address.

Maaari kang makakuha ng "Ulat sa Pagbabago ng mga Detalye ng Botante sa Nasasakupang Heograpiya" (REO-2) sa mga sumusunod na paraan-

- sa pamamagitan ng [pag-download](#) mula sa website na ito;
- sa pamamagitan ng fax sa pagtawag sa hotline na 2891 1001; at
- sa mga Opisina ng Distrito, mga tanggapan ng pamamahala ng mga estado sa pampublikong pabahay at sa Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto.

Mga Address ng Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto:

10/F Harbour Centre

25 Harbour Road

Wan Chai

Hong Kong

13/F Kowloonbay International Trade & Exhibition Centre

1 Trademart Drive

Kowloon Bay

Kowloon

Matapos makumpleto at lagdaan ang form ng aplikasyon maaari mong isumite ang form, kasama ang patunay ng address na inisyu sa loob ng huling tatlong buwan (naaangkop para sa pagbabago ng tinitirhang address), sa pamamagitan ng koreo, fax (numero ng fax: 2891 1180) o email (email address: [form@reo.gov.hk](mailto:form@reo.gov.hk)) sa Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto, o i-upload ang form (at patunay ng address kung naaangkop) sa Online Upload Platform ng Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto ([www.reo-form.gov.hk](http://www.reo-form.gov.hk)).

Kung mayroon kang wastong sertipikong digital na inisyu ng Hongkong Post o Digi-Sign Certification Services Limited (mangyaring mag-tungo [dito](#) para sa mga detalye), maaari ka ring magsumite ng aplikasyon sa online sa pamamagitan ng [Aplikasyon ng Pagpaparehistro ng Botante sa GovHK](#).

Kung nais mong magsumite ng form ng aplikasyon sa pagpaparehistro ng botante gamit ang elektronikong pamamaraan, mangyaring tandaan ang "Mga Tinalang Gabay sa Pagsumite ng Aplikasyon ng Rehistro gamit ang Digital Files" (na mayroong *hyperlink* sa [https://www.reo.gov.hk/pdf/form/Guidance\\_Notes\\_for\\_Electronic\\_Submission\(Eng\).pdf](https://www.reo.gov.hk/pdf/form/Guidance_Notes_for_Electronic_Submission(Eng).pdf) )

Bukod sa nasa itaas, kung ikaw ay isang rehistradong botante at nais mong ibigay / i-update ang iyong email address upang mapadali ang pagtanggap ng liham at impormasyon sa halalan kaugnay sa mga aktibidad ng halalan mula sa mga kandidato, maaari kang magbigay ng kaugnay na impormasyon sa Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto sa pamamagitan ng aming Website ([http://www.osp.reo.gov.hk/index\\_e.html](http://www.osp.reo.gov.hk/index_e.html)) o sa email (email address: reoenq@reo.gov.hk).

[Bumalik sa itaas](#)

Q5: Mayroon bang mga nakatakdang huling araw at oras para sa mga pagpaparehistro ng bagong botante at pagbabago ng mga detalye sa pagpaparehistro?

A5: Maaaring magsumite ng form ng aplikasyon ang mga karapat-dapat na residente/ rehistradong botante para sa pagpaparehistro ng bagong botante/ ulat sa pagbabago ng mga detalye ng pagpaparehistro anumang oras ng taon. Gayunpaman, kung nais nilang maiproseso ang kanilang pagpaparehistro/ ma-update ang mga detalye sa rehistro ng mga botante na ilalathala sa parehong siklo, dapat nilang isumite ang mga form ng aplikasyon sa Opisinang ito sa mga kaukulang nakalista at nakatakdang petsa sa ibaba:

Pagpaparehistro ng Bagong Botante

Taon ng Halalan ng District Council (hal. 2023):

**Hulyo 2**

Taon ng Halalan ng Non District Council (hal. 2021, 2022 & 2024):

**Mayo 2**

Ulat sa Pagbabago ng mga Detalye ng Botante



Taon ng Halalan ng District Council (hal. 2023):

**Hunyo 2**

Taon ng Halalan ng Non District Council (hal. 2021, 2022 & 2024): **Abril 2**

Kung isinumite ang mga form ng aplikasyon pagkatapos ng mga itinakdang petsa sa itaas, ang mga pangalan at address ng tirahan ng mga kaugnay na botante ay maaari lamang ma-rekord/ma-update sa rehistro ng mga ilalathalang botante sa kasunod na siklo ng pagpaparehistro ng botante.

[Bumalik sa itaas](#)

Q6: Nararapat ba akong bumoto agad pagkatapos magsumite ng aplikasyon para sa pagpaparehistro bilang bagong botante? / Karapat-dapat ba akong bumoto agad sa bagong nasasakupang lugar at sa bagong istasyon ng botohan matapos kong mag-ulat ng pagbabago sa rehistradong address?

A6: Alinsunod sa kasalukuyang batas, magtatalaga ang Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto ng mga nasasakupan at istasyon ng botohan ayon sa impormasyong na-rekord sa kasalukuyang Pangwakas na Rehistro ng mga Botante, na naa-update isang beses sa isang taon. Kung mayroon mang by-election sa District Council o Legislative Council bago ang paglalathala ng susunod na Pangwakas na Rehistro sa Hulyo 2021, magtatalaga ang Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto ng mga nasasakupan at istasyon ng botohan ayon sa impormasyon ng umiiral na Pangwakas na Rehistro na na-rekord noong Hulyo 2020.

Samakatuwid, ang mga taong nagsumite ng mga aplikasyon para sa mga pagpaparehistro ng bagong botante sa loob ng siklo ng pagpaparehistro ng botante sa 2021 (hal. mula Mayo 3, 2020 hanggang Mayo 2, 2021) ay may karapatang bumoto sa mga halalan pagkatapos lamang mailathala ang 2021 Pangwakas na Rehistro ng mga Botante sa Hulyo 2021.

Para sa mga botanteng magsusumite ng mga aplikasyon para sa pagbabago ng rehistradong address sa loob ng siklo ng pagpaparehistro ng botante sa 2021 (hal. mula 3 Abril 2020 hanggang 2 Abril 2021), kung magkaroon man ng by-eleksyon bago ilathala ang Pangwakas na Rehistro ng mga Botante sa Hulyo 2021, sila ay itatalaga na bumoto sa nasasakupan at istasyon ng botohan batay sa lumang address (ibig sabihin, ang address na naitala sa Pangwakas na Rehistro ng mga Botante sa 2020).

#### [Bumalik sa itaas](#)

Q7: Ano ang mga pagkakaiba sa pagitan ng mga form ng pagpaparehistro sa botante ng nasasakupang heograpiya na REO-1 at REO-2? Aling form ang dapat kong gamitin?

A7: Ang mga miyembro ng publiko ay dapat gumamit ng kani-kanilang form ng aplikasyon depende sa kung sila ay isang rehistradong botante.

Ang miyembro ng publiko na hindi pa rehistradong botante ngunit nais magparehistro sa isang nasasakupang heograpiya ay dapat gumamit ng "Aplikasyon para sa Pagpaparehistro ng Bagong Botante (Mga Nasasakupang Heograpiya)" (REO-1); ang isang rehistradong botante na kailangang

mag-ulat ng pagbabago ng kanyang mga detalye sa pagpaparehistro ay dapat gumamit ng "Ulat sa Pagbabago ng mga Detalye ng Botante sa isang Nasasakupang Heograpiya" (REO-2).

Maaari kang mag-log in sa Sistema ng Online na Pagtatanong sa Impormasyon ng Botante ([www.voterinfo.gov.hk](http://www.voterinfo.gov.hk)) o tumawag sa hotline ng Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto sa 2891 1001 upang suriin kung ikaw ay isang rehistradong botante, o kung ang iyong mga detalye sa pagpaparehistro ay tama o mali.

#### [Bumalik sa itaas](#)

Q8: Pinunan ko ang isang form ng aplikasyon ilang taon na ang nakalilipas. Kailangan ko bang magparehistro muli?

A8: Ang mga botante sa umiiral na rehistro ay hindi kinakailangang magparehistro muli. Maaari kang mag-log in sa Sistema ng Online na Pagtatanong sa Impormasyon ng Botante ([www.voterinfo.gov.hk](http://www.voterinfo.gov.hk)) o tumawag sa hotline ng Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto sa 2891 1001 upang suriin kung tama o mali ang iyong mga detalye sa pagpaparehistro.

Para sa mga botanteng may mga maling detalye ng pagpaparehistro, maaaring maapektuhan ang kanilang katayuan sa pagpaparehistro at pagiging karapat-dapat na bumoto. Mangyaring kumpletuhin ang "Ulat sa Pagbabago ng mga Detalye ng Botante sa isang Nasasakupang Heograpiya" (REO-2) at isumite ang nilagdaan at kinumpletong form, kasama ang patunay ng address na inilabas sa loob ng huling tatlong buwan (naaangkop sa pagbabago ng address ng

tirahan), sa REO para sa anumang pagbabago sa mga detalye ng iyong pagpaparehistro lalo na ang address ng tirahan, upang mai-update ng REO ang iyong mga rekord.

[Bumalik sa itaas](#)

Q9: Kaka-18 ko pa lamang sa pagtatapos ng Hulyo 2021 ngunit ang nakatakdang araw ng pagpaparehistro ay sa 2 Mayo 2021. Maaari ba akong magparehistro ngayon bilang isang botante?

A9: Kung naabot mo ang 18 na taong gulang sa o bago ang Hulyo 25, 2021 kung saan nailathala na ang Pangwakas na Rehistro para sa 2021, at kung ikaw ay isang permanenteng residente ng Hong Kong, karapat-dapat kang mag-apply ngayon para sa pagpaparehistro bilang isang botante.

[Bumalik sa itaas](#)

Q10: Lilipat ako sa isang bagong apartment sa hinaharap, dapat ko bang iulat ngayon ang aking bagong address ng tahanan sa Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto?

A10: Dapat mong kumpletuhin ang "Ulat sa Pagbabago ng mga Detalye ng Botante sa isang Nasasakupang Heograpiya" (REO-2) at isumite ang nilagdaan at kumpletong form, kasama ang patunay ng address na inilabas sa loob ng huling tatlong buwan, sa Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto pagkatapos mong lumipat ng tirahan. Kung nagsumite ka ng aplikasyon para sa pagbabago ng rehistradong address sa o bago ang kaukulang takdang panahon para sa ulat tungkol sa pagbabago ng mga detalye sa pagpaparehistro sa siklo ng pagpaparehistro ng botante sa 2021

(hal. sa o bago ang Abril 2, 2021), ang iyong bagong address ay makikita sa Pangwakas na Rehistro ng mga Botante sa 2021

[Bumalik sa itaas](#)

Q11: Ano ang mga uri ng dokumento ang tinatanggap bilang mga patunay ng address?

A11: Tinatanggap ng Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto ang mga dokumento sa ibaba na inilabas sa loob ng huling tatlong buwan (ipapatupad ang petsa ng pagtanggap ng Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto bilang petsa ng pagsusumite ng form), na nagtataglay ng petsa ng pag-isyu at pangalan ng organisasyon na nag-isyu bilang wastong patunay ng address. Ang mga nauugnay na dokumento ay dapat mayroon ding pangalan ng botante at pangunahing address ng tirahan (dapat magkatugma ang inilagay na pangalan at address sa mga detalyeng ibinigay sa form ng aplikasyon):

1. mga bayarin o invoice na inisyu ng mga pampublikong samahan (hal. Bayaring kagamitan para sa tubig, kuryente o serbisyo ng gas ng bayan);
2. sulat mula sa mga kagawaran ng gobyerno o ng Hukuman;
3. mga pahayag o sulat na inisyu ng mga bangko, kumpanya ng insurance o Aprubadong Mga Katiwala ng Mandatory Provident Fund;
4. mga bayarin ng landline na telepono, mobile phone, bayad na telebisyon o serbisyo sa internet;
5. mga dokumento o bayaring inisyu ng mga lokal na institusyong pang-sekondarya kung saan maaaring pagkatiwalaan ang pagkumpirma sa address ng tirahan ng botante;

6. wasto at "naselyohang" (para sa stamp duty) kasunduan sa pag-upa (hindi kinakailangan ang pamantayan na dapat ay inisyu sa loob ng 3 buwan bago ang petsa ng pagsusumite ng aplikasyon ngunit dapat sakop ng pag-upa ang petsa ng aplikasyon); o
7. mga bayarin, sulat o iba pang mga dokumentong inisyu ng mga pampublikong organisasyon tulad ng Awtoridad ng Ospital, Kagawaran ng Pabahay, Hong Kong Housing Society, Hong Kong Examinations and Assessment Authority, atbp.

### Bumalik sa itaas

Q12: Kung hindi ako makakapagbigay ng mga dokumento na naka pangalan sa akin at address ng tirahan bilang patunay ng address, anong mga alternatibong dokumento ang maaaring isumite upang magsilbing wastong patunay ng address?

A12: Maliban sa sariling patunay ng address ng botante, tinatanggap din ng Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto ang mga dokumento sa ibaba na inilabas sa loob ng huling tatlong buwan (ipapatupad ang petsa ng pagtanggap ng Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto bilang petsa ng pagsusumite ng form), na nagtataglay ng petsa ng pag-isyu at pangalan ng organisasyon na nag-isyu bilang wastong patunay ng address:

- Ang patunay ng address na nagtataglay ng pangalan at address ng tirahan ng taong kasamang nakatira ng botante, at deklarasyong nilagdaan ng botante upang kumpirmahin na ang taong iyon ay kasamang nakatira ng botante sa parehong address sa itaas at ang kalakip na patunay ng address ay ganap na totoong kopya o tunay na

kopya ng orihinal. Ang halimbawa ng deklarasyon ay maaaring mai-download mula sa website ng Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto

(<http://www.reo.gov.hk/en/voter/ap.htm>).

- Kung hindi kayang maglabas nang botante ng anumang mga dokumentong nakalista sa itaas, tinatanggap din ng Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto ang kaukulang deklarasyong ibinigay ng botante sa Kalupon para sa Panunumpa/sa aktibong solisitor/sa Hukom ng Kapayapaan upang mapatunayan ang pag-angkin sa address ng tirahan alinsunod sa Ordinansa ng Panunumpa at Deklarasyon (Cap.11). Ang libreng serbisyo para sa paggawa ng mga kaukulang deklarasyon ay magagamit sa mga Opisina ng Distrito. Ang halimbawa ng kaukulang deklarasyon ay maaaring mai-download mula sa website ng Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto

(<http://www.reo.gov.hk/en/voter/ap.htm>).

### [Bumalik sa itaas](#)

Q13: Kung ang aking bagong bahay ay isang apartment sa pampublikong paupahang pabahay sa ilalim ng Housing Department o subsidisado na pabahay sa ilalim ng Hong Kong Housing Society, maaari ba akong hindi mapailalim sa kinakailangang makapagbigay ng patunay ng address ng tirahan kapag nag-a-apply ako para sa pagbabago ng address?

A13: Para sa mga botante na awtorisadong residente ng pampublikong paupahang pabahay sa ilalim ng Kagawaran ng Pabahay o rehistradong residente sa pag-upa ng subsidiyang pabahay sa

ilalim ng Hong Kong Housing Society na nag-apply para sa pagbabago ng rehistradong address, at ang mga address sa rekord ng pag-upa ay tugma sa address ng tirahang ibinigay ng mga botante, maaaring ma-exempt ang nasabing botante sa pagbibigay ng patunay ng address.

Gayunpaman, ang mga residente ng housing units sa ilalim ng Home Ownership Scheme, Green Form Subsidised Home Ownership Scheme o mga pampublikong housing unit na naibenta (hal. mga apartment sa ilalim ng Tenants Purchase Scheme) ay sumasailalim sa labas ng saklaw ng exemption at ang mga nasabing botante ay dapat magbigay ng mga wastong patunay ng address.

Sa kaso kung saan hindi mapatunayan ng Opisyal sa Pagpaparehistro sa Pagboto ang impormasyon ng address ng botante sa data na tugma sa nabanggit na kagawaran/organisasyon, maaaring hilingin ng Opisyal sa Pagpaparehistro sa Pagboto sa botante na magbigay ng patunay ng address kapag nag-a-apply para sa pagbabago ng rehistradong address sa ilalim ng section 10A ng Regulasyon ng Electoral Affairs Commission (Pagpaparehistro ng mga Botante) (Lehislatibong Konseho ng Nasasakupang Heograpiya) (District Council Constituencies) Regulasyon (Cap. 541A).

#### [Bumalik sa itaas](#)

Q14: Kung may kilala akong tao na nagbibigay ng maling impormasyon para sa pagpaparehistro ng botante, paano ko ito maipagbibigay-alam sa mga kagawaran ng gobyerno?

A14: Ang umiiral na pag-sasaayos ng pagpaparehistro ng botante ay nakasalalay sa mekanismo ng tapat na pagsusumite upang matulungang magparehistro ang mga tao. Dapat magbigay ang mga



karapat-dapat na tao para sa pagpaparehistro o mga rehistradong botante ng totoo at tumpak na impormasyon sa pagpaparehistro o pag-ulat ng pagbabago ng mga detalye sa pagpaparehistro. Kung malaman ng mga pampublikong miyembro ang mga kahina-hinalang kaso, maaari silang maghain ng reklamo sa Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto na agad na susubaybayan at isasangguni ang mga kaso sa mga ahensya ng pagpapatupad ng batas para sa wastong pagsisiyasat. Hindi dapat salungatin ng pangkalahatang pampubliko ang mga batas.

### [Bumalik sa itaas](#)

Q15: Kung ang isang tao ay nagbibigay ng maling address ng tirahan sa Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto para sa pagpaparehistro ng botante, o nagbibigay ng mapanlinlang na patunay na dokumento kapag nag-aaplay para sa pagbabago ng rehistradong address, at bumoto pa din sa isang halalan, aling batas ang nilalabag niya?

A15: Ang isang tao na sadya o walang ingat na gumawa ng pagkakamali o nagbigay ng maling impormasyon (hal. Maling address ng tirahan) sa Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto, di alintana kung ang taong iyon ay bumoto sa halalan o hindi, ay gumawa ng pagkakasala sa ilalim ng batas. Kung bumoto pa din sa halalan ang nasabing tao, lalabag siya sa section 16 ng Ordinansa sa (Corrupt and Illegal Conduct) Halalan (Cap. 554), na ipinatupad ng independiyenteng komisyon laban sa katiwalian. Ang pinakamabigat na parusa ay may multa na \$500,000 at pagkabilanggo sa loob ng 7 taon.

Bukod sa, kung gumagawa o nagbibigay ang isang botante ng huwad na patunay ng address na may hangaring tanggapin ito ng Opisyal sa Pagpaparehistro sa Pagboto bilang wastong patunay ng address, siya ay nakagawa ng huwad na pagkakasala. Alinsunod sa section 71 ng Ordinansa sa Krimen (Cap. 200), ang isang taong nakagawa ng huwad na pagkakasala ay mananagot sa hatol ng sakdal sa pagkakabilanggo sa loob ng 14 na taon.

[Bumalik sa itaas](#)

Q16: Kakarating ko pa lamang mula sa Mainland. Maaari ba akong magparehistro bilang botante?

A16: Ang lahat ng permanenteng residente ng Hong Kong na may edad 18 pataas na karaniwang naninirahan sa Hong Kong ay maaaring mag-apply para sa pagpaparehistro bilang botante.

[Bumalik sa itaas](#)

Q17: Paano ko malalaman na ang aking mga rekord ay naipasok nang tama sa rehistro ng mga botante?

A17: Inilathala ang pangwakas na rehistro ng mga botante para sa 2020 para sa pampublikong inspeksyon nang walang bayad sa o bago mag Hulyo 25, 2020. Maaari mo ring suriin ang iyong pinakabagong detalye sa pagpaparehistro sa Sistema ng Online na Pagtatanong sa Impormasyon ng Botante ([www.voterinfo.gov.hk](http://www.voterinfo.gov.hk)) o tumawag sa hotline ng Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto sa 2891 1001.

[Bumalik sa itaas](#)

Q18: Mayroon bang mga proteksyon laban sa posibleng pag-abuso sa aking personal na impormasyon?

A18: Nakasisiguro ka na ang impormasyong ibinigay ng botante ay gagamitin para lamang sa mga layunin ng pagpaparehistro at pagboto ng botante. Isinapapatupad ng Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto ang bawat posibleng paraan upang matiyak na hindi gagamitin sa mali ang naturang data. Naglalaman lang ang mga nailathalang rehistro para sa pampublikong inspeksyon ng pangalan at address ng tirahan ng mga rehistradong tao ngunit hindi ang numero ng kanilang kard ng pagkakakilanlan o numero ng telepono. Ang paggamit ng anumang impormasyon sa isang rehistro para sa iba pang layunin maliban sa paghalal ay isang pagkakasala sa ilalim ng kasalukuyang batas sa pagboto, at mananagot ng level 2 na multa at pagkakabilanggo sa loob ng 6 na buwan.

[Bumalik sa itaas](#)

Q19: Nagsumite ako ng aplikasyon para sa pagrehistro ng bagong botante / pagbabago ng mga detalye sa pagpaparehistro. Paano ko malalaman kung naiproseso ng Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto ang aking aplikasyon?

A19: Ang Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto ay maglalabas ng nakasulat na mga abiso sa pagpaparehistro sa pamamagitan ng koreo matapos makumpleto ang pagproseso ng aplikasyon para sa pagpaparehistro ng bagong botante o pagbabago ng mga detalye sa pagrehistro.

Bilang karagdagan sa mga nakasulat na abiso, ang mga botante na nag-ulat ng pagbabago ng mga detalye sa pagrehistro ay bibigyan din ng abiso sa pamamagitan ng SMS / Email (kung nagbigay ang botante ng nasabing impormasyon) na ang mga detalye ng kanilang pagpaparehistro ay nai-update na. Ang mga botante ay maaari ding mag log on sa Sistema ng Online na Pagtatanong sa Impormasyon ng Botante ([www.voterinfo.gov.hk](http://www.voterinfo.gov.hk)) para makita ang kanilang record.

[Bumalik sa itaas](#)

Q20: Aling kagawaran ang dapat kong lapitan para sa tulong kung mayroon akong karagdagang katanungan sa pagpaparehistro ng botante?

A20: Para sa mga katanungan, maaari mong tawagan ang hotline ng Opisina ng Pagpaparehistro at Pagboto sa 2891 1001 o mag-email sa amin sa [reoenq@reo.gov.hk](mailto:reoenq@reo.gov.hk) para sa karagdagang impormasyon.

[Bumalik sa itaas](#)